

**MGA LOKAL NA PANUKALA PARA SA IKA-8 NG NOBYEMBRE, 2022
COUNTY NG SAN DIEGO**

HURISDIKSYON	Letra	PANUKALA
COUNTY NG SAN DIEGO	A	<p>BUWIS SA NEGOSYO NG CANNABIS Dapat bang pagtibayin ang panukala upang pondohan ang mga pangkalahatang layunin ng County kabilang ang, ngunit hindi limitado sa mga parke, kaligtasan sa sunog, mga daan, kalusugan, social equity, sa pamamagitan ng pagpapataw ng buwis sa mga negosyong nasa hindi naingkorpora na lugar sa mga kabuuang resibo na may pinakamataas na 6% para sa retail, 3% para sa distribusyon, 2% para sa pagsusuri, pagtatanim sa 3% o \$10 (iniakma nang ayon sa inflation) kada canopy square foot, at 4% para sa ibang mga negosyo, na lilikom ng tinatayang \$2,930,000 hanggang \$5,600,000 taun-taon hanggang sa ipawalang-bisa ng mga botante?</p>
LUNGSOD NG SAN DIEGO	B	<p>BINABAGO ANG MUNICIPAL CODE NG SAN DIEGO SECTION 66.0127 NA NAUUGNAY SA MGA SERBISYO NG PAMAMAHALA NG SOLIDONG BASURA: Dapat bang baguhin ang Municipal Code ng San Diego upang makatanggap ang lahat ng residente ng Lungsod ng mga kahalimbawang serbisyo ng pamamahala ng basura, pagre-recycle, at iba pang solidong basura, sa pamamagitan ng pagpapahintulot sa Lungsod na mabawi ang gastos nito sa pagbibigay ng mga serbisyon ng ito sa mga karapat-dapat na residensyal na ari-arian, gaya ng lingguhang pag-recycle, pagkolekta sa bulto-bultong mga item, at pagpalit at paghahatid ng mga lalagyan sa gilid ng bangketa, nang walang karagdagang singil?</p>
	C	<p>PAG-ALIS NG 30-FOOT NA HEIGHT LIMIT SA MIDWAY-PACIFIC HIGHWAY COMMUNITY PLAN AREA. Dapat bang baguhin ang Ordinansa ng mga Mamamayan O-10960 upang hindi isali ang area ng Midway-Pacific Highway Community Plan, na kinabibilangan ng Sports Arena, mula sa 30-foot na height limit ng mga gusali sa Coastal Zone, kasama ang anumang pagpapaunlad sa hinaharap na required pa ring sumunod sa iba pang mga namamahalang batas?</p>
	D	<p>MGA UPDATE SA PAGKOKONTRATA. MGA KASUNDUAN SA PAGGAWA NG PROYEKTO PARA MAGING KARAPAT-DAPAT SA PAGPOPONDO NG ESTADO: Dapat bang baguhin ang Municipal code ng San Diego upang itakda na maaaring panatilihin ng Lungsod ng San Diego ang kakayahan nitong tumanggap ng pagpopondo sa impraestruktura ng Estado sa pamamagitan ng pagpapahintulot ng paggamit ng mga Kasunduan sa Paggawa ng Proyekto sa mga Proyekto ng Konstruksyon ng Lungsod; pagre-require ng mga probisyon sa mga kasunduan na ipagbawal ang diskriminasyon sa trabaho at siguraduhin ang bukas na kumpetisyon; pagpapalawak ng pagsisiwalat sa publiko; pagsubaybay sa mga lokal na requirement sa pag-hire; at pagtatag ng isang Citizens' Oversight Board?</p>
LUNGSOD NG CARLSBAD	H	<p>PAGBABAGO SA CHARTER TUNGKOL SA ARTICLE V, SECTION 55. Dapat bang baguhin ang Article V, Section 55 upang awtorisahan ang childcare sa mga inilaang ari-arian ng parkland kung saan ang "childcare" ay nangangahulugang anumang pasilidad na lisensyado-ng-Estado, bukod sa pampamilyang day care sa tahanan, kung saan ibinibigay ang hindi medikal na pangangalaga at pagbabantay sa mga batang wala pang 18 taong gulang sa isang setting na panggrupo ng mas mababa sa 24 na oras kada araw, na hindi kasama ang paggamit ng edukasyonal o instruksiyonal na pagtuturo na ibinibigay sa mga pampubliko, pribado, pantahanan, o charter na paaralan?</p>
	J	<p>MONROE STREET POOL RENOVATION/REPLACEMENT PROJECT Inaaprubahan ba ng mga botante ng Lungsod ng Carlsbad ang paggastos ng mga kasalukuyang pondo ng lungsod mula sa iba't ibang pinagmumulan, kabilang ang Pangkalahatang Pondo, sa halagang lalampas sa \$1 milyon para sa Monroe Street Pool Renovation/Replacement Project na matatagpuan sa 3401 Monroe Street para sa tinantyang saklaw ng gastos na \$22 milyon hanggang \$24 milyon, na ibinabagay taun-taon sa pamamagitan ng porsiyentong pagtaas sa panrehiyong index ng gastos sa konstruksyon?</p>
LUNGSOD NG CHULA VISTA	K	<p>Dapat bang pagtibayin ang panukalang magbabago sa Charter ng Lungsod upang kumumporme sa mga batas ng Estado, alisin ang mga lipas na sa panahong probisyon, linawin ang malalabong termino, muling ayusin at i-reformat upang mapabuti ang pagkamagagamit, mag-require ng paninirahan at dagdag na karanasan para sa ibinobotong Abogado ng Lungsod, tanggalin ang requirement na maging kwalipikadong botante ang karamihan sa mga miyembro ng board at komisyon, at upang pahintulutan ang Konseho ng Lungsod na umakasyon sa mga espesyal na miting ng Konseho, gumamit ng mga eleksiyong may balotang pangkoreo upang mapunan ang mga pagkabakante, at aprubahan ang nakabonong utang sa ilalim ng mga pangkalahatang batas ng Estado?</p>

**MGA LOKAL NA PANUKALA PARA SA IKA-8 NG NOBYEMBRE, 2022
COUNTY NG SAN DIEGO**

LUNGSOD NG EL CAJON	P	Dapat bang pagtibayin ang panukalang magpapawalang-bisa sa Proposisyon J, na isang kalahating-sentimo na sales tax, at magpatibay ng isang-sentimo na sales tax epektibo hanggang sa ipawalang-bisa ng mga botante, na lokal na kontrolado at may independyenteng citizen oversight, na magbibigay ng humigit-kumulang \$24,000,000 taun-taon upang pondohan ang mga pangkalahatang serbisyo ng lungsod, na maaaring kabilangan ng pagdadagdag ng mga opisyal ng pulisya, pagbabawas ng mga encampment ng walang tirahan, pagdadagdag ng pagpopondo para sa mga pagsusumikap na interbensyon sa walang tirahan, pagpapalawak ng mga serbisyo sa sunog, pagsisiguro ng mabilis na pang-emerhensyang pagresponde ng 911, pagdadagdag ng pagpopondo para sa mga daan, at pagpapaganda ng mga parke?
LUNGSOD NG ENCINITAS	L	Upang pondohan ang mga pangkalahatang munisipal na gastos kabilang ang mga serbisyo sa pagpapatupad ng batas, sunog, pang-emerhensyang medikal, mga pagpapaganda ng kalye at libangan, dapat bang buwisan ng Lungsod ang mga negosyo ng cannabis at hemp sa mga taunang antas sa pagitan ng 4% hanggang 7% ng mga gross receipt para sa mga retail na negosyong cannabis, 1% hanggang 4% para sa mga hindi retail na negosyong cannabis, at \$2.00 hanggang \$10.00 kada canopy square foot para sa pagtatanim; na inaasahang lilikom ng tinatayang \$800,000 hanggang \$1,400,000 taun-taon at bubuwisan hanggang sa ipawalang-bisa/baguhin ng mga botante?
LUNGSOD NG ESCONDIDO	E	Upang magbigay ng pagpopondo para sa mga pangkalahatang serbisyo sa Lungsod ng Escondido, gaya ng mga patrol ng pulisya, pagpigil sa krimen, proteksyon sa sunog, paramedik, pang-emerhensyang pagresponde ng 911; pagpapanatiling ligtas, malinis, at namementina nang maayos ang impraestruktura ng mga kalye, mga parke, at mga pasilidad; pagbawas sa mga gastos sa pensyon; pagtugon sa kawalan ng tirahan, pamamahala ng trapiko, at iba pang mga serbisyo ng Lungsod, dapat bang pagtibayin ang isang ordinansang magtatakda ng 3/4 sentimo na sales tax, na magbibigay ng tinatayang \$21,000,000 taun-taon para sa mga serbisyo ng Lungsod sa loob ng 15 taon, na may mga independyenteng pag-audit, citizen oversight, at lahat ng pera ay lokal na makokontrol?
	F	Upang magtatag ng mga limit sa termino ng dalawang termino para sa mga taong naglilingkod bilang Mayor, tatlong termino para sa mga taong naglilingkod bilang Miyembro ng Konseho ng Lungsod, at tatlong termino para sa mga taong naglilingkod bilang Treasurer ng Lungsod, magkakasunud-sunod man o hindi, dapat bang aprubahan ang Ordinansa 2022-20 na magbabago sa Municipal Code ng Escondido?
	G	Upang mabawasan ang kompensasyon ng treasurer ng lungsod na hanggang sa parehong antas ng sa miyembro ng konseho ng lungsod at upang gawing pamantayan ang mga pamamaraan sa pagkabakante para sa lahat ng ibinotong mga opisyal ng Lungsod ng Escondido, dapat bang aprubahan ang Ordinansa 2022-19 na magbabago sa Municipal Code ng Escondido?
LUNGSOD NG IMPERIAL BEACH	R	PANUKALA SA KALIDAD NG BUHAY NG IMPERIAL BEACH. Dapat bang pagtibayin ang panukala upang mapanatili ang kalidad ng buhay para sa mga residente, mapanatili ang mga lokal na negosyo, trabaho; mapanatiling ligtas/malinis ang mga kapitbahayan, beach, parke, pampublikong lugar, mapanatili ang pang-emerhensyang pagresponde ng 911; bawasan ang pagsikip ng trapiko; makakuha ng benepisyo ang komunidad mula sa turismo sa pamamagitan ng pagtaas ng transient occupancy tax (babayaran ng mga bisita sa hotel, motel at paupahan sa maikling panahon) ng 4%, na magbibigay ng humigit-kumulang \$4000,000 taun-taon hanggang sa mawakasan ng mga botante na may mga taunang pag-audit, pagsisiwalat sa publiko ng paggasta, na ang lahat ng pondo ay para sa Imperial Beach?
LUNGSOD NG NATIONAL CITY	M	Dapat bang Hirangin ang Katungkulan ng Klerk ng Lungsod?
	N	Dapat bang Hirangin ang Katungkulan ng Treasurer ng Lungsod?
LUNGSOD NG SOLANA BEACH	S	PANUKALA SA MGA KALYE/PARKE/BEACH/SERBISYO SA SOLANA BEACH Upang mapanatili at maiwasan ang mga pagputol sa mga serbisyo ng Lungsod ng Solana Beach, gaya ng: pagpapanatili ng mga kalye, parke, beach, impraestruktura, at storm drain; proteksyon sa sunog, paramedik at pang-emerhensyang pagresponde ng 911; mga patrol ng pulisya, pag-iwas sa krimen, pamamahala ng trapiko; pag-alis ng graffiti/basura; pagtugon sa kawalan ng tirahan; at iba pang mga serbisyo ng lungsod, dapat bang pagtibayin ang isang ordinansang nagtatatag ng 1¢ sales tax, na magbibigay ng humigit-kumulang \$3,000,000 taun-taon para sa mga pangkalahatang serbisyo ng lungsod hanggang sa mawakasan ng mga botante, na may mga independyenteng pag-audit at lahat ng pera ay lokal na kontrolado?

**MGA LOKAL NA PANUKALA PARA SA IKA-8 NG NOBYEMBRE, 2022
COUNTY NG SAN DIEGO**

LEMON GROVE SCHOOL DISTRICT	Q	Upang mapahusay ang mga lokal na paaralan gamit ang mga pondong hindi maaaring makuha ng Estado at magastos saan man, dapat bang pagtibayin ang panukala ng Distrito ng Paaralan ng Lemon Grove upang palitan ang mga nalulumang bubong; i-upgrade ang mga silid-aralang pang-STEAM (science, teknolohiya, engineering, sining, matematika); dagdagan ang pag-access sa computer; at palitan ang mga portable na silid-aralan, na mag-aawtorisa ng \$27 milyon ng mga bono na may mga legal na antas, buwis na mababa sa \$30/\$100,000 ng assessed valuation (na lilikom ng \$1.6 milyon/taon hanggang 2053), mga taunang pag-audit, independyenteng oversight, mga pondong tutumbasan ng estado, at walang pagtaas ng buwis?
DISTRITO NG PAGPROTEKTA SA SUNOG NG LOWER SWEETWATER	T	Dapat bang dagdagan ang bilang ng mga puwesto sa Distrito ng Pagprotekta sa Sunog ng Lower Sweetwater mula tatlo hanggang limang puwesto sa pangkalahatan?
SAN DIEGO UNIFIED SCHOOL DISTRICT	U	<p>Panukala ng Kaligtasan ng Estudyante, Kalusugan, at Pagpapaayos ng Paaralan ng San Diego</p> <p>Upang mapahusay ang lahat ng pampublikong paaralan sa pamamagitan ng:</p> <ul style="list-style-type: none"> • Pagpapaayos ng mga tumutulong bubong/tubo; • Pagbibigay ng ligtas na iniinom na tubig; • Pag-alis ng asbestos, lead paint, amag; • Pagpapahusay ng seguridad sa silid-aralan/komunikasyon, mga sistema, mga camera, mga lock ng pinto upang magprotekta laban sa mga pamamaril sa paaralan; • Pag-upgrade sa silid-aralan ng mga klase ng career, science, teknolohiya, engineering, matematika; <p>dapat bang pagtibayin ang panukala ng San Diego Unified School District na nag-aawtorisa ng \$3,200,000,000 sa mga bono sa mga legal na antas, na magpapataw ng humigit-kumulang na 6 na sentimo kada \$100 ng assessed value, na mag-a-average ng \$330,000,000 taun-taon habang hindi pa nababayaran ang mga bono, na magre-require ng mga pagsisiwalat ng paggastos sa publiko, pag-audit, citizens oversight?</p>

Ika-16 ng Agosto, 2022